



Australian Government  
Australian Taxation Office

# Ano ang dapat antabayanan ngayong panahon ng buwis (tax time) kapag magsusumite ng iyong tax return



**Ngayong tax time, maging maingat sa ilang mga taong nagpapanggap na mga ahente ng buwis at nangangako ng malaking refund ng buwis sa pamamagitan ng paggawa ng mga maling claim.**



## **Siguraduhin na ang iyong ahente ng buwis ay nakarehistro**

Kung gumagamit ka ng isang ahente ng buwis, siguraduhin na siya ay nakarehistro sa Tax Practitioners Board.

Bisitahin ang [tpb.gov.au](http://tpb.gov.au) upang malaman.

Tanging mga nakarehistrong ahente ng buwis lamang ang maaaring sumingil ng bayad upang maghanda at magsumite ng iyong tax return.



## **Huwag ibahagi ang iyong mga detalye sa pag-login sa myGov**

Hindi kailangan ng iyong ahente ng buwis ang iyong mga detalye sa pag-login sa myGov upang makapagsumite ng iyong tax return.

Ang iyong mga detalye sa pag-login sa myGov ay dapat laging pinananatiling pansarili at hindi dapat ibahagi sa iba.

Tandaan, ikaw ang responsable sa pagtiyak na ang impormasyon sa iyong tax return ay tama kahit na gumamit ka pa ng isang ahente ng buwis.



## **Kung naniniwala ka na ikaw ay apektado**

Kung sa tingin mo ay naapektuhan ka, tawagan ang ATO sa **13 28 61** upang talakayin ang iyong sitwasyon.

Kung ikaw ay nababahala sa pag-uugali ng ahente ng buwis, maaari ka ring magsumbong sa Tax Practitioners Board.

Bisitahin ang [tpb.gov.au/make-complaint](http://tpb.gov.au/make-complaint) upang magreklamo.



## **Mga mungkahi sa tax time**

Siguraduhing itinatala mo ang anumang mga gastos.

Upang mag-claim ng kabawasan (deduction) na may kaugnayan sa trabaho:

- Ikaw dapat mismo ang gumastos ng pera at hindi naibalik sa iyo ang iyong ginastos (reimbursed)
- ito ay dapat may direktang kinalaman sa pagkakaroon mo ng iyong kita
- kailangang mayroon kang talaang magpapatunay nito.

## **Kailangan mo ba ng tulong sa pagsusumite mo ng iyong tax return?**

Kung kailangan mo ng tulong sa pagsusumite ng iyong tax return, maaaring karapat-dapat ka para sa libreng programa na Tax Help ng ATO. Ang Tax Help ay makukuha sa mga wikang bukod pa sa Ingles sa ilang mga lugar. Bisitahin ang [ato.gov.au/taxhelp](http://ato.gov.au/taxhelp) para sa karagdagang impormasyon.

Kung hindi Ingles ang iyong pangunahing wika, maaari mong tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS) ng ATO sa **13 14 50** para sa tulong.

Ang impormasyon tungkol sa buwis ay mababasa rin sa mga wikang bukod pa sa Ingles sa [ato.gov.au/otherlanguages](http://ato.gov.au/otherlanguages)

**myTax**